

Para sa maliliit na de-hangin at de-bitbit na languyan na kayang tumaban ng kulang sa **30cm ng tubig** (kasukat ng isang katamtamang ruler):

- **Laging limasan ang languyan** kapag hindi ito ginagamit. Baka gusto ninyong iresaykel and tubig sa hardin o sa ibang lugar sa paligid ng bahay. Ang pag-iiwan ng tubig sa languyan ay hindi lamang isang panganib sa pagkalunod.
- **Laging iimbak ang languyan malayo** sa maliliit na bata kapag hindi ito ginagamit. Ang pag-imbak sa languyan nang patayo ay makahahadlang sa pagkatipon ng kaunting tubig sa languyan sanhi ng ulan o anggi sa malapit.



Laging tandaan na:

- **Laging bantayan ang mga bata** nang abot-kamay kapag sila ay nakalusong o nasa paligid ng tubig.
- **Ang mga nakatatandang kapatid ay hindi** dapat asahang magbantay sa mga nakababata, kahit na may tiwala kayo sa kanilang kakayahang magmasid sa mas nakababata. Hindi pa kaya ng mga batang magdala ng ganitong responsabilidad.
- **Mag-aral ng Cardio-pulmonary Resuscitation (CPR) para sa mga Sanggol at Bata.**
- **Pamihain ang inyong mga anak** sa tubig at turuan silang lumangoy, ngunit huwag akalain na hindi sila maaaring malunod.

Ilang segundo lang ang lilipas para malunod ang isang bata.

Kung kailangan ninyo ng isang tagapagsalin sa wika para iabiso ang isang paglilingkod, paki-tawagan lamang ang Translating and Interpreting Service (TIS) sa **131 450**. Para sa higit pang impormasyon, mangyari lamang na tumawag sa Kids Health sa The Children's Hospital at Westmead sa (02) 9845 3585 o bumisita sa kidshealth.schn.health.nsw.gov.au/projects/drowning-prevention/inflatable-and-portable-pools



Ang mga bata ay maaaring malunod nang walang ingay!

Tagalog

Kahit sa maliliit o malalaking de-bitbit na languyan, and mga bata ay maaaring malunod sa loob lamang ng ilang segundo!



Ang mga bata ay maaaring malunod nang walang ingay!

Ang pagkalunod ay isang nangungunang dahilan ng pagkamatay ng mga bata na wala pang limang taong gulang.

Ang mga languyan ay isang nakaambang panganib ngunit ang mga bata ay maaari ring malunod sa mga banyera sa banyo, dam, ilog, sapa, lawang mabuhangin sa hardin at kahit sa baldeng lalagyan ng maruruming lampin. Kapag ang mukha ng bata ay nasa ilalim ng tubig, hindi kakayahing maitayo ng bata ang sarili dahil ang kanilang ulo ay mas mabigat kaysa sa kanilang katawan. Karamihan ng mga magulang at tagapag-alaga ay naniniwalang maririnig nila kung ang kanilang anak ay nalulunod. Gayunman, ito ay hindi totoo dahil ang tubig sa hingahan ay makababara ng anumang tunog para marinig. Ang pagkalunod ay isang napakabilis at tahimik na pangyayari.

- Mahigit sa sangkapat ng lahat ng kamatayan sa pagkalunod ng mga bata sa kanilang languyan sa likod-bahay ay nangyayari sa mga de-hangin o de-bitbit na languyan.
- Mayroon pang mas maraming insidente ng muntik na pagkalunod ang nangyayari, ang ilan ay humahantong sa panghabang-buhay na kapinsalaan sa utak ng bata.

Ang mga de-hangin o de-bitbit na languyan ay sinasabing popular na opsiyon para sa maraming pamilya. Ngunit, mayroong mga panganib na dapat malaman ng mga may-ari ng languyan.

Ang de-hangin o de-bitbit na mga languyan ay sinasabing mas mapanganib para sa mga bata kaysa sa mga languyang binakuran. Ito ay dahil sa hindi alam ng maraming tao na ang mga languyang ito ay mangangailangang mabakuran at ang ilan ay hindi malilimasan matapos gamitin dahil sa sukat ng mga ito. Dahil dito, ang mga bata ay madaling makalusong sa tubig sa languyan, na naglalagay sa kanila sa napakamapanganib na pagkalunod.

Ang mga de-hangin at de-bitbit na languyan ay mapanganib!

Mayroong mga oras na hindi aktibong nababantayan ng mga magulang at tagapag-alaga ang mga bata sa bawat minuto sa isang araw. Ang higit na nakararami sa mga batang nalunod sa languyan sa likod-bahay ay nangyari nang walang kaalam-alam ang magulang o tagapag-alaga.

Ang pagbabantay ng mga bata sa paligid ng tubig ang pinakamagaling na proteksiyon para sa mga bata laban sa pagkalunod. Gayunman, madaling malingat ang mga magulang at tagapag-alaga dahil sa mga gawaing pang-araw-araw tulad ng pagsasampay ng nilabhan o pagsagot sa telepono.

Kaya ang pagbabakod ng languyan ay maaaring maging isang napakamahalagang ikalawang suson ng proteksiyon para mapigilan ang mga bata na makalusong sa tubig sa languyan. Para sa mga pabatid kung paano ninyo matitiyak na ang inyong languyan ay ligtas at sumusunod sa lehisasyon, mangyari lamang na tingnan ang Tseklist ng Pangalagaan ang Inyong Languyan, Pangalagaan ang Inyong mga Anak (Protect Your Pool, Protect Your Kids checklist), na mayroon sa Kids Health website. Ang tseklist ay makukuha nang nasa ilang wika ng komunidad.

Para sa malalaking de-hangin at de-bitbit na languyan na kayang tumaban ng mahigit sa **30cm ng tubig (kasukat ng isang katamtamang ruler)**

- Gumamit lamang ng malalaking de-hangin at de-bitbit na languyan kung kayang bakuran ang mga ito.
- May multa kung wala kang bakod sa apat na paligid ng de-hangin at de-bitbit na languyan na kayang tumaban ng mahigit sa **30cm ng tubig (kasukat ng isang karaniwang ruler)**.

